Ang Iyong Mga Karapatan Sa Mga Pamantayan Sa Trabaho (Employment Sandards): Mga Nagtatrabahong Empleyado Ng Temporary Help Agency (Isang Ahensyang Tumutulong Sa Paghahanap Ng PansamantalangTrabaho Para Sa Mga Tao)

Pilyego Ng Impormasyon

Mga Nagtatrabahong Empleyado (Assignment Employee) Ng Isang Temporary Help Agency

Ikaw ay isang nagtatrabahong empleyado o assignment employee ng isang temporary help agency kung ikaw at ang ahensya ay nagkasundo na ilalagay ka nito o susubukan ka nitong ilagay sa temporaryong mga trabaho sa kliyente (o mga kliyente) ng ahensya. Ikaw ay mayroong relasyong pangtrabaho sa ahensya kahit na ikaw ay walang nakadestinong trabaho at hindi talagang nagtatrabaho para sa isang kliyente.

Kapag ikaw ay nakadestino sa trabaho ang ahensya pa rin ang iyong maypagawa; ang kliyente ay hindi iyong maypagawa.

Ikaw ay hihinto na maging isang nagtatrabahong empleyado o assignment employee kung ikaw ay magbibitiw sa ahensya o kapag inihinto ng ahensya ang iyong relasyong pangtrabaho.

Ang pilyego ng impormasyong ito ay nagbibigay ng isang buod ng iyong bagong mga karapatan sa *Employment Standards Act, 2000* (ESA) na naging batas noong 2009. Ikaw rin ay may mga karapatan sa ilalim ng ESA sa mga bagay na tulad ng pinakamababang sahod, mga limit sa oras ng trabaho, bayad sa obertaym, mga bakasyon, at sa mga walang bayad na bakasyon mula sa trabaho dahil sa ilang mga kadahilanan. (May ilang mga iksemsyon na maaaring mag-aplay depende sa uri ng trabaho na iyong ginagawa.)

Karapatan Sa Mga Pista Opisyal At Kabayaran Sa Mga Pista Opisyal

Ang Ontario ay may siyam na mga pista opisyal. Sa pangkalahatan, kung ikaw ay nakadestino at ang pista opisyal ay pumatak sa isang araw na sa karaniwan ay nagtatrabaho ka, ikaw ay may karapatan na hindi pumasok sa pista opisyal at mabayaran ng pampista opisyal na bayad para sa araw na iyon. Para makuwenta ang halaga ng iyong bayad para sa pista opisyal, pakitingnan ang aming calculator sa **http://www.labour.gov.on.ca/english/es/tools/php_calc.php**.

Kung ikaw ay pumayag ng nakasulat na magtrabaho sa araw ng pista, may karapatan ka sa:

- Pampista opisyal na bayad at karagdagang premium na bayad (na minultiplika sa kahit man lamang isa't kalahati ng iyong regular na sahod); o
- Iyong regular na sahod at isang kapalit na araw na walang trabaho na may pampista opisyal na bayad.

Kung ang pista opisyal ay pumatak sa isang araw na ikaw ay nakadestinong magtrabaho ngunit sa karaniwan ay hindi ka nagtatrabaho(o ikaw ay nakabakasyon), ikaw ay may karapatan sa isang kapalit na araw ng walang trabaho na may pampista opisyal na bayad, o maaari kang pumayag (nang nakasulat) sa isang pampista opisyal na bayad lamang. Kung ang pista opisyal ay pumatak sa isang araw na ikaw ay nakadestinong magtrabaho, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat sa pampista opisyal na bayad.

Mayroon ka nitong mga karapatang pampista opisyal kahit na ikaw ay tinatawag na "pumiling-magtrabaho" ("elect-to-work") na empleyado ng ahensya.

Karapatan Sa Abiso Ng Pagtatapos At Bayad Sa Paghihiwalay (Severance Pay)

Kung ikaw ay inempleyo ng isang temporary help agency nang kahit tatlong buwan man lamang, ikaw ay karaniwang may karapatan na makatanggap ng abiso ng pagtatapos, kung tapusin (ihinto) ng ahensya ang inyong relasyong pangtrabaho. Ikaw ay maaaring makatanggap ng abiso habang nagtatrabaho, o ng kabayaran sa halip na abiso ng pagtatrabaho, o isang kumbinasyon ng dalawa. Karaniwan, ang pinakamaikling abiso na kailangan mong makuha ay umaabot sa isang linggo (kung ikaw ay na-empleyo ng kahit tatlong buwan man lamang ngunit kulang sa isang taon) hanggang walong linggo (kung ikaw ay na-empleyo ng walong taon o mas mahigit). Ang haba ng pag-eempleyo mo sa ahensya ang babatid kung gaano karaming linggo ng abiso ang

matatanggap mo, hindi ang tagal ng panahon na nagtrabaho kang nakadestino sa kliyente (mga kliyente) ng ahensya.

Maaari ka ring magkaroon ng karapatan sa isang panlahat na abiso ng pagtatapos. Para sa karagdagang impormasyon sa iyong pagiging karapat-dapat sa panlahat na abiso, mangyaring bisitahin lamang ang aming website sa **http://www.labour.gov.on.ca/english/es/pubs/guide/tempagencies.php.**

Kung ikaw ay naging empleyado ng ahensya ng limang taon o mas mahigit, maaari ka ring magkaroon ng karapatan sa isang bayad sa paghihiwalay kung tapusin ng ahensya (putulin) ang iyong trabaho.

Mayroon ka nitong mga karapatang pampista opisyal kahit na ikaw ay tinatawag na “pumiling-magtrabaho” (“elect-to-work”) na empleyado ng ahensya.

Hindi Ka Maaaring Singilin Ng Ahensya Ng Ilang Mga Bayad

Hindi ka maaaring singilin ng ahensya na magbayad para sa pagiging empleyado nito o para sa pagtulong nito na hanapan ka ng trabaho. Hindi ka maaaring singilan nito ng bayad para sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon o payo sa kung papaano magsulat ng isang resume o maghanda para sa isang pakikipanayam. Hindi ito maaaring maningil kahit na maaari kang mamili kung gusto mo o hinding tanggapin ang impormasyong ito o payo mula sa ahensya.

Kung Nais Kang Bigyan NgIsang Kliyente Ng Ahensya Ng Reperensya Sa Trabaho

Hindi maaaring hadlangan ng isang ahensya ang isang kliyente na magbigay ng isang reperensya sa trabaho sa iyo.

Kung Nais Kang Upahan Ng Isang Kliyente Ng Ahensya Na Maging Empleyado Nito

Hindi maaaring hadlangan ng isang ahensya ang kliyente nito na upahan ka nang direkta kung nais nitong gawin ito. Kapag idinestino ka ng ahensya sa isang kliyente, maaari itong maningil ng bayad sa kliyente para sa pag-upa sa iyo, ngunit para lamang sa panahon ng anim na buwan simula sa araw na ikaw ay magsimulang magtrabaho para sa kliyente.

Kung nais ng isang kliyente ng ahensya na upahan ka para maging empleyado nito, hindi maaaring sabihin ng ahensya sa iyo na hindi mo maaaring tanggapin ang trabaho. Hindi ka maaaring singilin ng ahensya ng bayad kung nais kang upahan ng isang kliyente.

Impormasyon Na Dapat Mong Kuhanin Mula Sa Ahensya

Kung ikaw ay maging isang nagtatrabahong empleyado o assignment emloyee ng isang ahensya, ang ahensya ay kailangang magbigay sa iyo ng ilang mga impormasyon kasama na ang pilyegong impormasyong ito; nakasulat na impormasyon ng legal na pangalan ng ahensya at impormasyon ng kontak. Kinakailangang ibigay sa iyo ng ahensya ang impormasyong ito nang nakasulat sa lalong madaling panahon pagkatapos na ikaw ay maging isang nagtatrabahong empleyado o assignent employee.

Kapag ang ahensya ay nag-alok sa iyo ng isang trabaho sa isa sa mga kliyente nito, kinakailangan ka nitong bigyan ng ilang mga impormasyon, kasali na ang legal na pangalan ng kliyente at ang impormasyon ng kontak; ang halaga ng suweldo at mga benepisyo (kung mayroon); ang mga oras ng trabaho; isang pangkalahatang larawan ng trabaho; ang kinalkulang taning na panahon ng trabaho (kung nalalaman); at, ang panahon ng pagbabayad at araw ng pasuweldo. Kapag ibinigay sa iyo ng ahensya ang impormasyong ito, ngunit hindi ito ibinigay ng nakasulat sa panahon ng pag-aalok, ito ay kailangang ibigay ng nakasulat sa lalong madaling panahon.

Hindi Ka Maaaring Parusahan Ng Isang Ahensya Nang Dahil Sa Pagpapahayag Mo Ng Iyong Mga ESA Na Karapatan

Kung ikaw ay magtanong ng tungkol sa iyong mga karapatan sa employment standards o humingi na ibigay sa iyo ang iyong mga karapatan, hindi ka maaaring parusahan ng kliyente sa anumang paraan, kasali na ang pagtatapos ng iyong trabaho. (Ikaw rin ay patuloy na magkakaroon ng karapatan na hindi parusahan ng iyong ahensya para sa pagtatanong ng tungkol sa o pagpapahayag ng iyong mga ESA na karapatan.)

Kung Mayroon Kang Katanungan o Gusto Mong Gumawa Ng IsangPaghahabol

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa impormasyong ito, o sa iyong paniniwala ay hindi kayo nakatanggap ng iyong mga karapatan at nais na gumawa ng isang paghahabol sa Ministro ng Trabaho (Ministry

of Labour), mangyaring makipag-ugnay lamang sa Employment Standards Information Centre sa (416) 326-7160 (libreng-tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa mga nahihirapang makarinig, sa TTY 1-866-567-8893. Maaari mo ring bisitahin ang www.labour.gov.on.ca para sa mas higit na impormasyon, para kontakin ang ministro sa pamamagitan ng e-mail, o para gumawa ng isang paghahabol on-line. Maaari ka ring makakuha ng isang pormularyo ng pagpahahabol para sa Employment Standards sa isang Sentro ng ServiceOntario. Upang makahanap ng Sentrong pinakamalapit sa iyo, mangyaring tumawag sa 1-800-267-8097.

Ang impormasyong ito ay ibinibigay bilang isang serbisyo sa publiko. Bagamat sinisikap naming siguraduhin na bago at tama ang impormasyon hanggang maaari, may mga pagkakamali pa ring nagaganap paminsan-minsan. Dahil dito, hindi namin maaaring garantiyahan ang ganap na kawastuhan ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay dapat, kung saan maaari, magsiyasat kung tunay ang impormasyon bago gamitin ito.

©Queen's Printer for Ontario, 2009
ISBN 978-1-4435-0979-4 (PDF)
Printed in Canada